

## Ika 9 na Aralin

# “ANG DAIGDIG NG ESPIRITU”



Pag-aralan ayon sa mga tuntunin na nasa pasimula ng unang aralin.

1. Ano ang mga anghel?
  - ▶ Ang mga anghel ay karaniwang mga espiritung hindi nakikita na nilikha ng Diyos.
  - Mga Hebreo 1:14. Ano ang mga anghel kung gayon? Silay’y mga espiritung naglingkod sa Diyos, at mga sinusugo niya upang tumulong sa mga maliligtas.
2. Mayroon bang mabubuti at masasamang anghel?

- ▶ Oo, mayroong mabubuti at masasamang anghel. Ang mga mabuting anghel ay sumasamba at naglilingkod sa Diyos subali't ang mga masasamang anghel ay sumasamba at naglilingkod kay Satanas.

Mateo 25:31. Darating ang Anak ng Tao bilang Hari, kasama ang lahat ng mga anghel, at luluklok sa kanyang maringal na tro-  
no.

2 Pedro 2:4. Hindi pinatawad ng Diyos ang mga anghel na nagkasala; sila'y ibinilanggo sa madilim na hukay upang doon hintayin ang Araw ng Paghuhukom.

### 3. Sino si Satanas?

- ▶ Si Satanas ay isang masamang anghel na inihulog mula sa langit sapagka't nais niyang itaas ang kanyang sarili ng higit kaysa Diyos. Siya rin ang tinatawag na diyablo o lucifer.

Isaias 14:12, 13. Ano't nahulog ka mula sa langit, o Lucifer... At sinabi mo sa iyong sarili, ako'y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Diyos.

- Lucas 10:18. Sumagot si Jesus, "Nakita ko ang pagkahulog ni Satanas mula sa langit - parang kidlat.

### 4. Ano ang gawain ni Satanas sa sanlibutan ngayon?

- ▶ Ang pangunahing gawain ni Satanas sa sanlibutan ngayon ay ilayo ang mga lalake at babae sa paglilingkod sa Diyos na buhay.
- I Pedro 5:8. Humanda kayo at magbantay. Ang diyablo na iyong kaaway ay parang leong umaatungal at aali-aligid na humahanap ng masisila.

Marcos 1:13. Nanatili siya roon ng apatnapung araw, na tinutukso ni Satanas.....Nguni't si Jesus ay pinaglingkuran ng mga anghel.

5. Ano ang mangyayari kay Satanas at sa mga masasamang anghel?

- ▶ Si Satanas at ang lahat ng mga masasamang anghel ay ibubulid sa impiyerno.
- Pahayag 20:10. At ang diyablong nandaya sa kanila ay itinapon sa lawang apoy at asupre na pinagtapunan din sa halimaw at sa mga bulaang propeta; magkakasama silang pahihirapan, araw at gabi, magpakailanman.



Gawin Mo Ito

1. Pagbalik-aralan ang mga isinaulo para sa una at hanggang ika-walong aralin.
2. Kung mauulit mo na nang wasto ang mga sauluhin, sagutin mo ang mga katanungan sa iyong talaan ng mag-aaral at pagsusulit para sa ika-siyam na aralin.